

Public education
Discover a world of opportunities

PAGSULAT AT PAGBAYBAY: PAG-AARAL SA TAHANAN

ANG PAGSULAT AT PAGBAYBAY AY MAHALAGA!

Ang pagsasalita at pakikinig ay ang mga base ng pag-unlad ng pagsulat, pagbaybay at pagbasa. Papaunlarin ng inyong anak ang mga ito at ang mga ibang kasanayan kapag pumasok siya sa Kindergarten. Habang lumalaki ang kanyang tiwala sa pagsasalita at pakikinig, magsisimula siyang matutong sumulat.

Ano ang magagawa ko?

- Magbasa kayo palagi na kasama ng inyong anak. Magkasama kayong magsiyasat ng mga salita at aklat, at isama ninyo siya kapag kayo ay nagsusulat.
- Habang kayo ay magkasamang nagbabasa, mag-usap kayo tungkol sa mga salita na inyong binabasa. Halimbawa, mga salitang nagtutugma gaya ng: *pamalo ng bola (bat)* at *pusa (cat)*, at mag-usap tungkol sa mga tunog na ginagawa sa simula ng mga salita.
- Sabihin ninyo sa inyong anak na tulungan kayong sumulat ng maiikling mensahe, email at mga listahan ng bibilhin. Maghanda kayo ng papel at mga lapis upang masubukan niyang sumulat na kasama ninyo.
- Magkasama kayong maglaro ng mga larong ukol sa salita, gaya ng pagbabagay ng pangalan ng isang hayop sa litrato.
- Ipakita ninyo ang mga sulat at drowing na linikha ng inyong anak. Sulatan ninyo siya ng maiikling sulat gaya ng: *Masyado kitang ipinagmamalaki!*

Kung sakaling nagsasalita ng ibang wika o diyalekto ang inyong anak, kailangan mayroon siyang panahon upang marinig ang mga tunog ng wikang Ingles. Maaaring magtagal ng hanggang dalawang taon o higit para marinig at masabi niya ang lahat ng mga tunog na ito.

Isara ang telebisyon. Higit na madali para sa inyong anak na mag-ukol ng isip kung hindi siya gagambalain.

- Tulungan ninyo ang inyong anak na kilalanin ang kanyang pangalan. Simulan ninyo ito sa ganitong paraan. Sabihin ninyo sa kanya na pakinggan ang unang tunog sa kanyang pangalan.
- Mag-usap kayo tungkol sa unang titik ng kanyang pangalan. Sabihin ninyo sa kanya na hanapin ang titik na iyon sa mga ibang lugar. Tulingan ninyo siyang isulat ang mga titik sa kanyang pangalan.
- Kapag kayo ay naghahanda ng hapunan, magtanong kayo ng mga tanong gaya ng: *Makakahanap ka ba ng isang bagay sa kusina na nagsisimula sa parehong tunog ng iyong pangalan?*
- Mag-ukol kayo ng ilang panahon na magkasama kayong naghahanap ng mga titik at mga salita na alam ng inyong anak. Magagawa ninyo ito sa bahay, sa kotse, sa mga tindahan at sa laruan.
- Panatilhin ninyong nakakalibang ang pag-aaral!

Ang isang batang may kapansanan karaniwan ay nakikinabang at nalilibang sa magiliw na pakikipagtulungan at pagpapasigla kapag siya ay binabasahan ng kanyang mga paboritong kuwento o inaawitan ng isang pambatang tula. Kung ang inyong anak ay may kapansanan, susupportahan siya ng kanyang paaralan habang siya ay nakikisali sa mga gawain sa antas na nababagay sa kanyang kakayahan. Kausapin ninyo ang guro ng inyong anak tungkol sa mga angkop na kagamitan, kasangkapan at mga ideya na susuporta sa inyo at sa inyong anak.



Department of
Education

Makakakita kayo nang higit pa mga pahina ng mga impormasyon ukol sa pantahanang pag-aaral sa education.wa.edu.au.